# The Man Who Communed with Jehovah

By Elder Kyle S. McKay
*Of the Seventy*

# S'yang Kaniig ni Jehova

Ni Elder Kyle S. McKay
*Ng Pitumpu*

October 2024 general conference

*Joseph Smith was "blessed to open the last dispensation," and we are blessed that he did.*

*Si Joseph Smith ay "[pinagpala na simulan ang] huling dispensasyon," at mapalad tayo na ginawa niya iyon.*

My purpose this day and always is to testify of Jesus Christ, that He is the Son of God, the Creator and Savior of the world, our Deliverer and Redeemer. Because "the fundamental principles of our religion are the testimony of the Apostles and Prophets, concerning Jesus Christ,"today I share with you my knowledge and testimony of the Savior as they have been strengthened and deepened by the life and teachings of one key apostle and prophet.

Ang layunin ko sa araw na ito at sa tuwina ay patotohanan si Jesucristo, na Siya ang Anak ng Diyos, ang Lumikha at Tagapagligtas ng sanlibutan, ang ating Tagasagip at Manunubos. Dahil "ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo,"ibinabahagi ko sa inyo ngayon ang aking kaalaman at patotoo tungkol sa Tagapagligtas na napalakas at napalalim sa pamamagitan ng buhay at mga turo ng isang pangunahing apostol at propeta.

## The Beginning of Wisdom

On the morning of a beautiful clear day early in the spring of 1820, 14-year-old Joseph Smith entered a grove of trees near his family's home to pray about his sins and to ask which church to join. His sincere prayer, offered with unwavering faith, received the attention of the most powerful forces in the universe, including the Father and the Son. And the devil. Each of these had an intense interest in that prayer and in that boy.

## Ang Simula ng Karunungan

Isang maganda at maaliwalas na umaga noong tagsibol ng 1820, nagpunta ang 14-anyos na si Joseph Smith sa kakahuyang malapit sa tahanan ng kanyang pamilya upang manalangin para sa kapatawaran ng kanyang mga kasalanan at magtanong kung aling simbahan ang sasapian. Ang kanyang taimtim na panalangin, na inialay nang may matibay na pananampalataya, ay narinig ng mga pinakamakapangyarihang puwersa sa sansinukob, kabilang ang Ama at ang Anak. At ang diyablo. Bawat isa sa kanila ay may matinding interes sa panalanging iyon at sa batang iyon.

What we now call the First Vision marked the beginning of the Restoration of all things in this last dispensation. But for Joseph, the experience was also personal and preparatory. All he wanted was forgiveness and direction. The Lord gave him both. The instruction to "join none of [the churches]"was directive. The words "Thy

Ang tinatawag natin ngayon na Unang Pangitain ang nagpasimula sa Pagpapanumbalik ng lahat ng bagay sa huling dispensasyong ito. Ngunit para kay Joseph, ang karanasan ay personal at paghahanda rin. Ang tanging gusto niya ay mapatawad at magabayan. Ipinagkaloob sa kanya ng Panginoon ang mga ito. Ang tagubi-

sins are forgiven thee"were redemptive.

For all the beautiful truths we might learn from that First Vision, perhaps Joseph's main takeaway was simply, "I had found the testimony of James to be true—that a man who lacked wisdom might ask of God, and obtain."

As one scholar noted: "The real resonance of the First Vision today is to know that it's the nature of God to give to those who lack wisdom. … The God that reveals Himself to Joseph Smith in the sacred grove is a God who answers teenagers in times of trouble."

Joseph's experience in the grove gave him confidence to ask forforgivenessanddirectionfor the rest of his life. His experience has also givenmeconfidence to ask for forgiveness and direction for the rest of my life.

## Regular Repentance

On September 21, 1823, Joseph earnestly prayed for forgiveness, confident that because of his experience in the grove three years earlier, heaven would respond again.And it did. The Lord sent an angel, Moroni, to instruct Joseph and inform him of an ancient record he would later translate by the gift and power of God—the Book of Mormon.

Almost 13 years after that, Joseph and Oliver Cowdery knelt in solemn, silent prayer in the newly dedicated Kirtland Temple. We do not know what they prayed for, but their prayers likely included a plea for forgiveness, for, as they arose, the Savior appeared and declared, "Behold, your sins are forgiven you; you are clean before me."

In the months and years after this experience, Joseph and Oliver would sin again. And again. But in that moment,forthat moment, in response to their plea and in preparation for the glorious restoration of priesthood keys that was

lin na "hindi [siya] dapat sumapi sa alinman sa [mga simbahan]"ay nag-uutos. Ang mga salitang, "Pinatatawad ka na sa iyong mga kasalanan"ay nakatutubos.

Sa lahat ng magagandang katotohanan na maaari nating matutuhan sa Unang Pangitaing iyon, marahil ang pangunahing natutuhan ni Joseph ay, "Napag-alaman kong tama ang patotoo ni Santiago—na ang isang taong nagkukulang ng karunungan ay maaaring humingi sa Diyos, at makatatamo."

Tulad ng sinabi ng isang iskolar: "Ang pinakamahalagang mensahe ng Unang Pangitain ngayon sa ating panahon ay ang malaman na likas sa Diyos ang magkaloob sa mga yaong nagkukulang ng karunungan. … Ang Diyos na nagpakita ng Kanyang sarili kay Joseph Smith sa sagradong kakahuyan ay isang Diyos na sumasagot sa mga tinedyer sa panahon ng kagipitan."

Ang karanasan ni Joseph sa kakahuyan ay nagpalakas ng kanyang loob na humingi ngkapatawaranatpatnubaysa buong buhay niya. Ang kanyang karanasan ay nagpalakas din ngakingloob na humingi ng kapatawaran at patnubay sa buong buhay ko.

## Palagiang Pagsisisi

Noong Setyembre 21, 1823, taimtim na nanalangin si Joseph para sa kapatawaran, nagtitiwala na dahil sa kanyang karanasan sa kakahuyan tatlong taon na ang nakararaan, muling tutugon ang langit.At nangyari nga iyon. Nagsugo ang Panginoon ng isang anghel, si Moroni, upang tagubilinan si Joseph at ipabatid sa kanya ang tungkol sa isang sinaunang talaan na isasalin niya kalaunan sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos—ang Aklat ni Mormon.

Halos 13 taon matapos iyon, lumuhod sina Joseph at Oliver Cowdery upang taimtim at tahimik na manalangin sa bagong inilaan na Kirtland Temple. Hindi natin alam kung ano ang ipinagdasal nila, pero malamang na kasama sa kanilang mga panalangin ang paghingi ng kapatawaran, dahil, nang tumayo sila, nagpakita ang Tagapagligtas at nagpahayag na, "Masdan, ang inyong mga kasalanan ay pinatatawad na sa inyo; kayo ay malinis na sa aking harapan."

Sa mga susunod na buwan at taon pagkatapos ng karanasang ito, muling magkakasala sina Joseph at Oliver. At muli't muli pa. Pero sa sandaling iyon,para sasandaling iyon, bilang tugon sa kanilang pagsamo at bilang paghahanda sa

about to happen, Jesus made them sinless.

Joseph's life of regular repentance gives me confidence to "come boldly unto the throne of grace, that [I] may obtain mercy."I have learned that Jesus Christ truly is "of a forgiving disposition."It is neither His mission nor His nature to condemn. He came to save.

mangyayaring maluwalhating pagpapanumbalik ng mga susi ng priesthood, ginawa sila ni Jesus na walang kasalanan.

Ang palagiang pagsisisi ni Joseph ay nagpapalakas ng aking loob na "lumapit [nang] may katapangan sa trono ng biyaya, upang [ako ay] tumanggap ng awa."Natutuhan ko na si Jesucristo ay talagang "likas na mapagpatawad."Hindi Niya misyon o likas na katangian ang magparusa. Naparito Siya upang magligtas.

## Inquiring of the Lord

As part of the promised "restitution of all things,"the Lord, through Joseph Smith, brought forth the Book of Mormon and other revelations that contain the fulness of His gospel. Vital truths were given clarity and completeness as Joseph repeatedly inquired of the Lord for direction. Consider the following:

The Father and the Son have bodies "as tangible as man's."

Jesus took upon Himself not only our sins but also our sicknesses, afflictions, and infirmities.

His Atonement was so excruciating it caused Him to bleed from every pore.

We are saved by His grace "after all we can do."

There are conditions to Christ's mercy.

As we come unto Christ, He will not only forgive our sins, but He will also change our very nature so "that we have no more disposition to do evil."

Christ always commands His people to build temples,where He manifests Himself unto themand endows them with power from on high.

I testify that all these things are true and necessary. They represent only a fraction of the fulness that was restored by Jesus Christ through Joseph Smith in response to Joseph's recurring requests for direction.

## Pagtatanong sa Panginoon

Bilang bahagi ng ipinangakong "pagpapanumbalik ng lahat ng mga bagay,"inilabas ng Panginoon, sa pamamagitan ni Joseph Smith, ang Aklat ni Mormon at ang iba pang mga paghahayag na naglalaman ng kabuuan ng Kanyang ebanghelyo. Ang mahahalagang katotohanan ay binigyan ng kalinawan at kabuuan nang paulit-ulit na magtanong at humingi ng patnubay si Joseph. Pag-isipan ang sumusunod:

Ang Ama at ang Anak ay may mga katawan "na nahihipo gaya ng sa tao."

Hindi lamang mga kasalanan natin ang inako ni Jesucristo, kundi pati na rin ang ating mga sakit, paghihirap, at kahinaan.

Napakasakit ng Kanyang Pagbabayad-sala kaya nilabasan Siya ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng Kanyang balat.

Naligtas tayo sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, "sa kabila ng lahat ng ating magagawa."

May mga kondisyon upang matamo ang awa ni Cristo.

Sa paglapit natin kay Cristo, hindi lamang Niya patatawarin ang ating mga kasalanan, kundi babaguhin din Niya ang ating likas na pagkatao, upang "[tayo] ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama."

Laging iniuutos ni Cristo sa Kanyang mga tao na magtayo ng mga templo,kung saan maipapakita Niya ang Kanyang sarili sa kanilaat magkakaloob sa kanila ng kapangyarihan mula sa langit.

Pinatototohanan ko na lahat ng bagay na ito ay totoo at mahalaga. Ang mga ito ay kumakatawan lamang sa isang bahagi ng kabuuan na ipinanumbalik ni Jesucristo sa pamamagitan ni Joseph Smith bilang tugon sa paulit-ulit na paghingi ng patnubay ni Joseph.

## Rolling on This Kingdom

## Ang Patuloy na Pagsulong ng Kaharian-ang Ito

In 1842, Joseph wrote of amazing things that would come to pass in this last dispensation. He declared that during our day, "the heavenly Priesthood will unite with the earthly, to bring about those great purposes; and whilst we are thus united in the one common cause, to roll forth the kingdom of God, the heavenly Priesthood are not idle spectators."

To his friend Benjamin Johnson, Joseph said, "Benjamin, [if I die] I [would] not be far away from you, and if on the other side of the veil, I [would] still be working with you, and with a power greatly increased, to roll on this kingdom."

On June 27, 1844, Joseph Smith and his brother Hyrum were murdered. Joseph's body was laid to rest, but his testimony continues to reverberate around the world and in my soul:

"I had seen a vision; I knew it, and I knew that God knew it, and I could not deny it."

"I never told you I was perfect; but there is no error in the revelations which I have taught."

"The fundamental principles of our religion are the testimony of the Apostles and Prophets, concerning Jesus Christ, that He died, was buried, and rose again the third day, and ascended into heaven; and all other things which pertain to our religion are only appendages to it."

What was said of John the Baptist might also be said of Joseph Smith: "There was a man sent from God, whose name was [Joseph]. … He was not that Light, but was sent to bear witness of that Light," "that all men through him might believe."

I believe. I believe and am sure that Jesus is the Christ, the Son of the living God. I testify that the living God is our loving Father. I know this because the voice of the Lord has spoken it to me, and so has the voice of His servants, the apostles and prophets, including and beginning with Joseph Smith.

I testify that Joseph Smith was and is a prophet of God, a witness and servant of the

Noong 1842, isinulat ni Joseph ang tungkol sa mga kamangha-manghang bagay na mangyayari sa huling dispensasyong ito. Ipinahayag niya na sa ating panahon, "ang priesthood sa langit ay makikipag-isa sa priesthood sa mundo, upang maisakatuparan ang mga dakilang layuning iyon; at habang tayo ay nagkakaisa sa iisang adhikain upang isulong ang kaharian ng Diyos, ang Priesthood sa langit ay hindi lamang manonood."

Sa kanyang kaibigang si Benjamin Johnson, sinabi ni Joseph, "Benjamin, [kung ako ay mamatay] hindi ako malalayo sa iyo, at kapag [ako ay nasa] kabilang panig na ng tabing, makikipagtulungan pa rin ako sa iyo, at nang may mas malakas na kapangyarihan, upang patuloy na maisulong ang kahariang ito."

Noong Hunyo 27, 1844, pinaslang si Joseph Smith at ang kanyang kapatid na si Hyrum. Nakahimlay na ang katawan ni Joseph, ngunit ang kanyang patotoo ay patuloy na nakaiimpluwensya sa iba't ibang panig ng mundo at sa aking kaluluwa:

"Nakakita ako ng pangitain; ito'y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito'y hindi ko maipagkakaila."

"Kahit kailan hindi ko sinabi sa inyong perpekto ako; ngunit walang mali sa paghahayag na itinuturo ko."

"Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya'y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit; at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito."

Ang sinabi tungkol kay Juan Bautista ay maaari ding sabihin tungkol kay Joseph Smith: "Mayroong isang tao na isinugo mula sa Diyos na ang pangalan ay [Joseph]. … "Hindi siya ang Ilaw, kundi dumating siya upang magpatotoo tungkol sa Ilaw," "upang sa pamamagitan niya'y sumampalataya ang lahat."

Naniniwala ako. Naniniwala at nakatitiyak ako na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay. Pinatototohanan ko na ang buhay na Diyos ang ating mapagmahal na Ama. Alam ko ito dahil sinabi ito sa akin ng tinig ng Panginoon, at gayon din ng tinig ng Kanyang mga tagapaglingkod, ang mga apostol at propeta, kabilang si Joseph Smith at sa kanya nagsimula.

Pinatototohanan ko na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos noon at ngayon, isang

Lord Jesus Christ. He was “blessed to open the last dispensation,”and we are blessed that he did.

saksi at tagapaglingkod ng Panginoong Jesucristo. Siya ay “[pinagpala na simulan ang] huling dispensasyon,”at mapalad tayo na ginawa niya iyon.

The Lord commanded Oliver and all of us, “Stand by my servant Joseph, faithfully.”I testify that the Lord stands by His servant Joseph and the Restoration wrought through him.

Inutusan ng Panginoon si Oliver at tayong lahat na, “Umagapay sa aking tagapaglingkod na si Joseph, nang tapat.”Pinatototohanan ko na pinaninindigan ng Panginoon ang Kanyang tagapaglingkod na si Joseph at ang Pagpapanumbalik na naganap sa pamamagitan niya.

Joseph Smith is now part of that heavenly priesthood of which he spoke. As he promised his friend, he is not far away from us, and on the other side of the veil, he is still working with us, and with a power greatly increased, to roll on this kingdom. With joy and thanksgiving, I raise my voice in “praise to the man who communed with Jehovah.”And above all, praise to Jehovah, who communed with that man! In the name of Jesus Christ, amen.

Si Joseph Smith ngayon ay bahagi na ng priesthood na iyon sa langit na kanyang binanggit. Tulad ng ipinangako niya sa kanyang kaibigan, hindi siya malayo sa atin, at sa kabilang panig ng tabing, siya ay nakikipagtulungan pa rin sa atin, at nang may mas malakas na kapangyarihan, upang patuloy na maisulong ang kahariang ito. Nang may galak at pasasalamat, itinataas ko ang aking tinig sa “papuri sa propeta na kaniig ni Jehova.”At higit sa lahat, purihin si Jehova, na kaniig ang propetang iyon! Sa pangalan ni Jesucristo, amen.